Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 447, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mataas Na Paaralan (pribado at pampubliko)
Punungguro ng Mababang Paaralan (pribado at pampubliko)
Tagapayo ng pampaaralang pahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PULONG NG MGA TAGAPAYO NG PAMPAARALANG PAHAYAGAN**

Petsa: Nobiyembre 28, 2016

---

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay puspusang maghahanda at magpapalawak sa pagtangkilik ng journalismo sa buong Sangay. Nais ilatag sa mga kinauukulan ang mga impormasyong tungkol sa mga balak na gawain para sa paglilinang ng kakayahan ng mga tagapayo ng pampaaralang pahayagan, kaya isasagawa ang **PULONG NG MGA TAGAPAYO NG PAMPAARALANG PAHAYAGAN** ng ikasampu ng umaga nitong Disyembre 3, 2016.

2. Ang layunin ng pulong ay nais maging pormal na mapag-usapan ang mga gawain sa paglilinang ng kakayahan ng bawat tagapayo ng pampaaralang pahayagan sa larangan ng pagsasanay ng mga manunulat at kung paano maiangat ang *performance level* ng Sangay sa larangan ng journalismo.

3. Ang mga kalahok sa pulong ay ang mga tagapayo ng pampaaralang pahayagan ng pribado at pampublikong paaralang Elementarya at Sekundarya. Ang mga lalahok ay pagkalooban ng isang araw na *service credit* dahil nataon ng Sabado ang pulong.

4. Ang pamasahe ng mga kalahok papunta at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.